Pangalan: Nadjer Imam Mastura Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Kahigitan ng Pagpapalaganap ng Pagbati ng Salām
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 7, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدَا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
"O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Ang lahat ng papuri ay para kay Allah lamang, atin siyang pinupuri at sa Kanya lamang tayo humihingi ng tulong at sa Kanya din tayo humihingi ng kapatawaran. Humihingi tayo ng kanlungan kay Allah mula sa kasamaan ng ating mga sarili, at mula sa kasamaan ng ating mga gawa. Ang sinumang gabayan o patnubayan ni Allah ay walang makapagliligaw sa kanya at kung sinuman ang iligaw ni Allah ay walang makapaggagabay sa kanya. At ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah, ang Nag-iisa na walang katambal, at ako ay sumasaksi na si Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay Kanyang alipin at sugo. O Allah, pagpalain Mo ang aming Propeta na si Muhammad at ang kanyang pamilya, mga kasamahan at ang mga sumusunod sa kanila sa kabutihan hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

Mga alipin ni Allah at mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang pagpapalaganap ng pagabati ng Salām ay isa sa mga dakilang pamamaraan ng relihiyong Islam kung saan ang mga puso ay nagkakalapit at ang mga hanay ay nagkakaisa. Sa pamamagitan nito, nabubuksan sa atin ang maraming kabutihan, nailalayo sa atin ang maraming kasamaan, at maraming mga magkakamag-anak ang napaglalapit sa isa't isa. Sa kabilang dako, ang pagpapabaya sa Sunnah na ito ay nagdudulot ng maraming kasamaan at kapahamakan. Gaano karaming pagkakawatak-watak at poot ang nagaganap nang dahil lamang sa

pagbabalewala sa isang Sunnah na ito ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) – ang pagpalaganap sa pagbati ng SALĀM.

Ito ang nagsisilbing pundasyon kung saan ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsimulang bumubo ng isang matatag at mapayapang pamayanan. Nang siya ay dumating sa Madinah bilang isang Muhajir, ang mga tao ay namangha sa kanya nang makita nila ang kanyang mukha. Sumasalamin sa kanyang mukha ang isang taong tapat at hindi sinungaling, na nag-uutos ng kapayapaan sa pagitan ng mga tao sa pamamagitan ng pagbati ng SALĀM. Ang Qur-an ay mariing nagbigay-pansin hinggil sa pagbati ng SALĀM. Ang salitang (Salām) “kapayapaan” ay binanggit sa humigit-kumulang limampung talata sa Qur-an tulad ng sinabi ni Allah, ang Makapangyarihan sa lahat:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تَدْخُلُوا بُيُوتًا غَيْرَ بُيُوتِكُمْ حَتَّى تَسْتَأْنِسُوا وَتُسَلِّمُوا عَلَى أَهْلِهَا ﴾ سورة النور: ٢٧

"O kayong mga naniwala, huwag kayong pumasok sa mga bahay na hindi sa inyo hangga’t hindi kayo nakapagpa-alam at bumati sa mga naninirahan dito." (Surah An-Nur: 27)

Siya rin ay nagsabi:

﴿ وَإِذَا حُيِّيتُمْ بِتَحِيَّةٍ فَحَيُّوا بِأَحْسَنَ مِنْهَا أَوْ رُدُّوهَا ﴾ سورة النساء: ٨٦

“At kapag kayo ay binati ng isang pagbati, batiin ninyo ng higit na mabuti kaysa rito, o kaya ay ibalik ito.” (Surah An-Nisa: 86)

Ang pamamaraan ng paglalahad ng pagbati ng Salām ay isa sa mga ritwal na hindi nagbago simula pa sa kapanahunan ni Propeta Adam alayhis-salām hanggang sa mga huling Propeta, at kay Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). At ito ay mananatili (sa kapahintulutan ni Allah) hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Nabanggit sa Sahih Al-Bukhari at Muslim na ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi,

عن أبي هريرة رضي الله عنه، عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: خَلَقَ اللَّهُ آدَمَ علَى صُورَتِهِ، طُولُهُ سِتُّونَ ذِراعًا، فَلَمَّا خَلَقَهُ قالَ: اذْهَبْ فَسَلِّمْ علَى أُولَئِكَ النَّفَرِ مِنَ المَلائِكَةِ، جُلُوسٌ، فاسْتَمِعْ ما يُحَيُّونَكَ؛ فإنَّها تَحِيَّتُكَ وتَحِيَّةُ ذُرِّيَّتِكَ، فقالَ: السَّلامُ علَيْكُم، فقالوا: السَّلامُ عَلَيْكَ ورَحْمَةُ اللَّهِ، فَزادُوهُ: ورَحْمَةُ اللَّهِ. (أخرجه البخاري ومسلم)

Isinalaysay ni Abu Hurayrah (radhiyallahu ‘anhu) mula sa Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) na kanyang sinabi, “Nang likhain ni Allah si Adam sa hitsura nito (ni Adam), ang kanyang tangkad ay animnapung talampakan. Si Allah ay nagsabi: “Pumunta ka at batiin mo ang grupo ng mga anghel na nakaupo, at pakinggan mo ang kanilang pagbati sa iyo, sapagkat ito ay ang iyong pagbati at ang pagbati ng iyong mga supling. Kaya siya ay nagsabi sa kanila: ‘Assalamu ‘alaykum’, sila ay nagsabi: ‘Assalamu ‘alayka wa Rahmatullah’. Idinagdag nila: ang ‘wa Rahmatullah’.

Ang pagtugon sa pagbati ng Salam ay kabilang sa mga karapatan ng isang Muslim sa kanyang kapwa Muslim. Inulat ni Muslim ayon sa salaysay ni Abu Hurayrah (radhiyallahu ‘anhu) na ang sugo ni Allah ay nagsabi:

عن أبي هريرة رضي الله عنه، قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: حَقُّ المُسْلِمِ علَى المُسْلِمِ سِتٌّ قيلَ: ما هُنَّ يا رَسولَ اللهِ؟ قالَ: إذا لَقِيتَهُ فَسَلِّمْ عليه، وإذا دَعاكَ فأجِبْهُ، وإذا اسْتَنْصَحَكَ فانْصَحْ له، وإذا عَطَسَ فَحَمِدَ اللَّهَ فَشَمِّتْهُ، وإذا مَرِضَ فَعُدْهُ وإذا ماتَ فاتَّبِعْهُ. (رواه البخاري ومسلم )

“Ang karapatan ng Muslim sa kanyang kapwa Muslim ay anim: kung makatagpo mo siya, batiin mo siya ng Salām, kung siya ay nag-imbita sa iyo, tumugon sa kanya, kung siya ay humingi ng iyong payo, payuhan siya, kung siya ay bumahin, purihin si Allah at ipanalangin siya, kung siya ay may sakit, bisitahin siya, at kung siya ay namatay, ihatid siya sa paglibing sa kanya.” (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

Mga alipin ni Allah Subhānahu wa Ta’ala, ang pagbati ng Salām ay pagpapalaganap ng kapayapaan at paghihikayat nito. Ito ay isa sa mga pinakamahalagang sangkap sa pagpapalaganap ng pagmamahalan at pagkakaisa ng mga Muslim. Ito ay isa sa mga pinakamainam na gawain na kalugod-lugod kay Allah na nagtataglay ng napakamaraming gantimpala. Ang Salām ay isa sa pinakamagandang pangalan ni Allah “As-salām” na makapangyarihan sa lahat. Ibig sabihin: Ikaw ay dumadalangin para sa iyong binati na maging ligtas sa kasamaan, mga sakit at lahat ng pinsala, at ikaw ay humihingi ng awa at pagpapala kay Allah para sa kanya. Nawa’y mapabilang tayo sa mga taong nagpapahalaga at nangangalaga sa mga Sunnah ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). At punuin nawa ni Allah ang ating mga pamumuhay at mga tahanan ng kapayapaan, awa at mga pagpapala.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.
عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***